MISSALETTE

8 NOBYEMBRE 2026 • IKA-32 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON • TAON A

HESUS, PUNUIN MO NG MABUBUTING GAWA ANG AMING MGA ILAWAN

Sa ating pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya, tayo ay inaanyayahan ng Mabuting Balita na manatiling mapagbantay at laging handa sa pagdating ng Panginoon. Tulad ng limang dalagang matalino, panatilihin nating nagniningas ang ilawan ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng tapat na pamumuhay at mababuting gawa. Nawa'y patuloy nating panatilihing maliwanag ang ating pananampalataya habang tayo'y naglalakbay patungo sa Kaharian ng Panginoon.

PASIMULA

PAMBUNGAD

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D'yos ko, ako'y iyong dinggin;
pakinggan sa pagdalangin,
tulungan sa aking daing.
Pandinig mo ay ikiling
sa pagluhog ko't paghiling.

(Sal 88, 2)

PAGBATI

P –Pagpalain si Hesus, ang Dakilang Ikakasal na nag-aanyaya sa atin sa piging ng kasalan ng Kaharian. Ang kanyang biyaya at karunungan ay sumainyong lahat.
B –**At sumaiyo rin.**

PAGSISISI

P –Sa paghahanda nating makibahagi sa piging ng pag-ibig ni Kristo, manumbalik tayo sa Panginoon at humingi ng kapatawaran sa ating mga kasalanang nagpapahina sa ningas ng ating pananampalataya. (Sandaling katahimikan)

P –Panginoong Hesus, patawarin Mo kami sa hindi pagpapaningas nang maliwanag sa ilawan ng aming pananampalataya sa mundong nababalot ng kawalan ng pananalig. Panginoon, kaawaan mo kami.
B –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

P –Panginoong Hesus, patawarin Mo kami sa hindi pagpapaningas nang maliwanag sa ilawan ng aming pag-asa sa mundong nababalot ng kawalan ng pag-asa. Kristo, kaawaan mo kami.
B –**Kristo, kaawaan mo kami.**

P –Panginoong Hesus, patawarin Mo kami sa hindi pagpapaningas nang maliwanag sa ilawan ng aming pag-ibig sa mundong nababalot ng kawalang-pakialam. Panginoon, kaawaan mo kami.
B –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B –**Amen.**

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

PAPURI

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong
kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos,
Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagka't ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

PANALANGING PAMBUNGAD

P –Ama naming makapangyarihan,
para mo nang awang ilayo sa amin araw-araw
ang lahat ng mga sumasalungat sa amin
at humahadlang
upang ang aming buong katauhan ay magkaroon
ng kalayaan
para kusang sundin ang iyong kalooban
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B–Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa — Kar 6, 12-16

Pagbasa mula sa aklat ng Karunungan

Ang karunungan ay maningning
at di kumukupas.
Madaling natatagpuan ng naghahanap
sa kanya,
at nakikita agad ng mga nagpapahalaga
sa kanya.
Madali siyang nagpapakilala sa mga
naghahangad sa kanya.
Hanapin mo siyang maaga at agad
mo siyang matatagpuan.
Makikita mo siyang nag-aabang
sa iyong tarangkahan.
Isipin mo lamang siya'y magkakaroon
ka ng ganap na pagkaunawa.
Hanapin mo siya't matatahimik
ang iyong kalooban.
Pagkat hinahanap niya ang mga karapat-dapat
sa kanya,
at makikita ka niya saan ka man naroon.
Siya'y maamo at sasamahan ka niya
sa bawat iniisip mo.

Ang Salita ng Diyos.
B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan — Sal 62, 2. 3-4. 5-6. 7-8

B – Aking kinasasabikan,
Panginoon, ikaw lamang.

R. M. Velez



* O Diyos, ikaw ang aking Diyos
na lagi kong hinahanap;
Ang uhaw kong kaluluwa'y tanging ikaw
yaong hangad;
Para akong tuyong lupa na tubig
ang siyang lunas. **B.**

* Bayaan mong sa santwaryo, sa lugar
na dakong banal,
Ikaw roo'y mamasdan ko, sa likas
mong karangalan.
Ang wagas na pag-ibig mo'y mahigit
pa kaysa buhay,
Kaya ako'y magpupuri't ikaw
ang pag-uukulan. **B.**

* Habang ako'y nabubuhay,
ako'y magpapasalamat,
At ako'y dadalangin na kamay ko'y nakataas.
Itong aking kaluluwa'y kakaing
may kasiyahan,
Magagalak na umawit ng papuring iaalay.
B.

* Laman ka ng gunita ko samantalang
nahihimlay,
Magdamag na ang palaging iniisip
ko ay ikaw;
Pagkat ikaw sa tuwina ang katulong
na malapit,
Sa lilim ng iyong pakpak galak
akong umaawit. **B.**

Ikalawang Pagbasa — 1 Tes 4, 13-18

Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa Mga Taga-Tesalonica

Mga kapatid: Ibig naming malaman ninyo ang katotohanan tungkol sa mga namatay na, nang hindi kayo magdalamhati, tulad ng mga taong walang pag-asa. Naniniwala tayong si Hesus ay namatay at muling nabuhay. Kaya naman, naniniwala tayong bubuhayin din ng Diyos ang lahat ng namatay na nananalig kay Hesus—upang isama sa kanya.

Ito ang aral ng Panginoon na sinasabi namin sa inyo: pagparito ng Panginoon, tayong mga buhay ay hindi mauuna sa mga namatay na. Sa araw na yaon, kasabay ng malakas na utos ng tinig ng arkanghel, at ng tunog ng trompeta ng Diyos, bababa ang Panginoon mula sa langit. Bubuhayin muna ang mga namatay na nananalig kay Kristo. Pagkatapos, tayong mga buhay pa ay titipunin niya sa ulap at isasama sa mga binuhay upang salubungin sa papawirin ang Panginoon. Sa gayo'y makakapiling niya tayo magpakailanman. Kaya nga, mag-aliwan kayo sa pamamagitan ng mga aral na ito.

Ang Salita ng Diyos.
B – Salamat sa Diyos.

Aleluya — Mt 24, 42a.44

B – Aleluya! Aleluya!
Tayo ay laging magtanod
sapagkat di natin talos
ang pagbabalik ni Hesus.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita — Mt 25, 1-13

P – Sumainyo ang Panginoon.
B – **At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B – **Papuri sa iyo, Panginoon.**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad ang talinghagang ito: "Dito maitutulad ang pagpasok sa kaharian ng Diyos: may sampung dalagang lumabas upang sumalubong sa lalaking ikakasal. Bawat isa'y may dalang ilawan. Ang lima sa kanila'y hangal at ang lima'y matalino. Ang mga hangal ay nagdala ng kanilang mga ilawan ngunit hindi nagbaon ng langis. Subalit ang matatalino'y nagdala ng langis bukod pa sa nasa kanilang ilawan. Nabalam ng dating ang lalaking ikakasal, kaya't inantok silang lahat at nakatulog.

Ngunit nang hatinggabi na'y may sumigaw: 'Narito na ang lalaking ikakasal! Salubungin ninyo!' Agad nagbangon ang sampung dalaga at inayos ang kanilang ilawan. Sinabi ng mga hangal sa matatalino, 'bigyan naman ninyo kami ng kaunting langis. Aandap-andap na ang aming mga ilawan, e.' 'Baka hindi magkasiya ito sa ating lahat,' tugon ng matatalino. 'Mabuti pa'y pumunta muna kayo sa nagtitinda at bumili ng para sa inyo.' Kaya't lumakad ang limang hangal na dalaga. Samantalang bumibili sila, dumating ang lalaking ikakasal. Ang limang nakahanda ay kasama niyang pumasok sa kasalan, at ipininid ang pinto.

Pagkatapos, dumating naman ang limang hangal na dalaga. 'Panginoon, papasukin po ninyo kami!' sigaw nila. Ngunit tumugon siya, 'Sinasabi ko sa inyo: hindi ko kayo nakikilala.' Kaya magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam ang araw ni ang oras."

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

HOMILIYA

SUMASAMPALATAYA

B – Sumasampalataya ako
sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay Hesukristo,
iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.
Nagkatawang-tao siya
lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw
nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.

Naluluklok sa kanan
ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumulang paririto
at huhukom sa nangabubuhay
at nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako
sa Diyos Espiritu Santo,
sa banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan. Amen.

PANALANGIN NG BAYAN

P – Ama naming mapagmahal, panatilihing gising at handa ang aming mga puso. Nawa'y patuloy na magningas ang ilawan ng aming pananampalataya sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Buong tiwala naming idinadalangin: Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

B – Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

* Para sa Simbahan: nawa'y manatili Siyang mapagbantay at tapat sa pagpapahayag ng Mabuting Balita, at akayin ang bayan ng Diyos tungo sa buhay na walang hanggan. Manalangin tayo: **B.**

* Para sa ating mga pinuno: nawa'y pagkalooban sila ng lakas at malasakit upang walang sawang maglingkod para sa kapayapaan at katarungan. Manalangin tayo: **B.**

* Para sa mga maysakit, nalulungkot, napapagod, at dumaranas ng mga pagsubok: nawa'y madama nila ang mapagkalingang presensya ng Diyos at ang ating pagmamahal at pagdamay. Manalangin tayo: **B.**

* Para sa ating mga pamilya at parokya: nawa'y hindi tayo magsawang maglingkod sa iba at patuloy na paningasin ang ilawan ng pananampalataya sa ating buhay. Manalangin tayo: **B.**

P – Ama naming mahabagin, dinggin Mo ang aming mga panalangin. Paningasin Mo sa aming puso ang apoy ng Iyong pag-ibig upang maging laging handa kaming salubungin si Kristo at makabahagi sa buhay na walang hanggan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.
B – Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .
B – Tanggapin nawa ng Panginoon
itong paghahain sa iyong mga kamay
sa kapurihan niya at karangalan,
sa ating kapakinabangan
at sa buong Sambayanan niyang banal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

P – Ama naming Lumikha,
kalugdan mo ang paghahain ng mga natitipon dito
upang ang aming ginaganap
na pag-aalay ng sarili ng Anak mo
ay aming pakinabangan
sa kanyang pamamagitan kasama
ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B – Amen.

PREPASYO VIII

P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin.
P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B – Itinaas na namin sa Panginoon.
P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
B – Marapat na siya ay pasalamatan.
P – Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Ang iyong mga supling na nagtaksil
ay nagbabalik ngayon sa iyong paggiliw
bunga ng malasakit ng Anak mong masunurin
at ng Espiritung bigay upang lahat ay kupkupin.
Kaming mga tinubos ng Anak mong mahal
ay niloob mong magtipon at magkapisan
upang makasalo sa masaganang hapag ng buhay.
Kaisa ng Anak mo at ng Espiritu Santo
ang iyong sambayana'y nagpupuri sa iyo.
Nagkakapisan ngayon ang bumubuo
sa Katawan ni Kristo.
Nagkakatipon ngayon ang pinananahanan
ng iyong Espiritu.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B – Santo, santo, santo
Panginoong Diyos
ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa
ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang napariritо
sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!

PAGBUBUNYI

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

B –Ama namin . . .
P –Hinihiling namin . . .
B –Sapagkat iyo ang kaharian
at ang kapangyarihan at ang kapurihan
magpakailanman. Amen.

PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin. (2×)
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

PAANYAYA SA PAKIKINABANG

P –Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat
na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita
Mo lamang ay gagaling na ako.

ANTIPONA NG PAKIKINABANG

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pastol kong nagtataguyod
ang Panginoong aking D'yos;
di ako maghihikahos,
pagkai'y kanyang kaloob,
inumin ay kanyang dulot.

(Sal 23, 1-2)

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

P –Ama naming mapagmahal,
tinatanaw naming utang na loob ang banal
na pakikinabang
at iniluluhog naming ang Espiritu Santo
ay mag-umapaw
sa kalooban naming kanyang tinitigib
ng iyong kadakilaan
upang ang iyong kagandahang-loob
ay manatili sa amin palagian
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B –Amen.

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.
B –At sumaiyo rin.

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B –Amen.

P –Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo at puspusin ang inyong buhay ng kanyang karunungan at pagmamahal.
B –Salamat sa Diyos.



Get your special **Liturgy Guide & Prayer Book 2027**
A monthly planner, liturgical guide,
and prayer book rolled into one.

Now available at:
Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Marketing:*** M. Rodriguez, J. Manzano • ***Circulation:*** R. Saldua